

Hustisyang Pangkalikasan sa Seksyon 404 ng Clean Water Act

Ang Hustisyang Pangkalikasan ay ang patas at makabuluhang pakikisangkot ng lahat ng tao anupaman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan o kita kaugnay ng pagsulong, pagsasakatuparan at pagpapatupad ng mga batas, regulasyon at polisiya.

Inilalarawan sa Fact Sheet na ito kung paanong ginagawa ang mga desisyon tungkol sa mga wetland at iba pang katubigan sa pamamagitan ng proseso ng seksyon 404 ng Clean Water Act (CWA) at kung paanong makakaimpluwensiya ang mga miyembro ng publiko sa mga desisyong iyon.

Binubuo ng seksyon 404 ng CWA ang programa para pangasiwaan ang pagtatapon ng hinukay o pantambak na materyal sa “mga katubigan ng Estados Unidos.” Puwedeng awtorisahan ng mga pahintulot na ipinagkaloob sa ilalim ng seksyon 404 ng CWA ang pagtatambak, paglilipat o pagbabago sa mga ilog, batis, wetland, lawa at iba pang katubigan na nakapaloob sa depinisyon ng “mga katubigan sa Estados Unidos.” Puwede ring hingin sa mga pahintulot ang kompensasyon para sa mga epekto sa anyo ng pagsasaayos, pagpapalawig, o pagpapabuti ng naapektuhan o malapit na katubigan. Nais malaman ng mga ahensyang nagkaloob ng mga pahintulot na ito kung paanong gumagamit ang komunidad mo ng lokal na mga katubigan at ang anumang alalahaning mayroon ka tungkol sa mga katubigan sa at malapit sa lugar mo para maabisuhan ang pagsusuri ng mga aplikasyon sa pahintulot.

Anong mga Aksyon ang Nangangailangan ng Pahintulot sa Ilalim ng Seksyon 404 ng CWA?

Maaaring mangyari ang pagtatapon sa “[mga katubigan ng Estados Unidos](#)” sa maraming konteksto, kasama ang nauugnay sa pagpapatayo ng mga kalsada, tulay, riles, paliparan, dam, imbakan ng tubig, mga proyekto sa pagmimina at pagpapatayo sa bahay o lugar ng komersyo. Hinihingi sa seksyon 404 ng CWA ang pahintulot bago ang pagtatapon ng [hinukay](#) o [pantambak](#) na materyal na maaaring itapon sa “mga katubigan ng Estados Unidos,” maliban na lang kung [exempted](#) ang aktibidad mula sa [regulasyon ng seksyon 404](#) (hal., ilang gawain sa pagsasaka at pangungubat). May [dalawang kategorya ng mga pahintulot](#). Ginagamit ang “Mga pangkalahatang pahintulot” para awtorisahan ang mga gawaing nagdudulot ng mga pagtatapon sa “mga katubigan sa Estados Unidos” na natukoy na nagdudulot ng higit pa sa kakaunting masamang epekto sa kalikasan nang indibidwal at kapag pinagsama-sama. Ipinapakilala ang mga pangkalahatang pahintulot sa pampublikong abiso kapag binuo, binago o pinanumbalik - kadalasan isa kada limang taon. Ginagamit ang “mga pang-indibidwal na pahintulot” para sa mga proyektong maaaring magdulot ng higit pa sa kakaunting epekto sa kalikasan at humihingi ang karamihan ng mga pampublikong komento sa pamamagitan ng pampublikong abiso.



Paano Ako Makikisangkot?

Mahalaga ang input mo para matiyak na isinasaalang-alang ng mga desisyong pangkalikasan ang mga katubigan sa at malapit sa lugar mo at sa mga pangangailangan ng komunidad mo, lalo na kung dati nang hindi napagsisilbihan, nasa laylayan at lubhang apektado ng patuloy na kahirapan at kawalang pagkakapantay-pantay ang komunidad mo.



Magsumite ng nakasulat na komento. Kapag ang awtoridad na nagpapahintulot – karaniwan na ang [U.S. Army Corps of Engineers](#), pero sa ilang pagkakataon ang [Estado](#) – ay nakatanggap ng aplikasyon para sa pahintulot na may mga epektong inaasahan na higit pa sa maliit, nang indibidwal at kapag pinagsama-sama, dapat silang maghatid sa publiko ng abiso at ng oportunidad na makapagkomento. Nagpapanatili ang bawat distrito ng Corps at ahensyang nagpapahintulot sa estado ng listahan ng pampublikong mga abiso sa website nito at/o maaaring maglathala ng abiso sa lokal na pahayagan. Karaniwang nagbibigay ang Corps sa publiko ng 15-30 araw para makapagbigay ng anumang komento. Hanapin ang iyong [tanggapan para sa Regulasyon ng lokal na distrito ng Corps](#).


Humiling at Dumalo sa Pampublikong Pandinig. Maaring humiling ang kahit na sino ng pampublikong pandinig nang nakasulat sa panahon ng pagkokomento para sa pampublikong abiso. Hindi pinapahintulutan ang lahat ng kahilingan sa pampublikong pandinig; para sa Corps, kadalasang isinasagawa ang pampublikong pandinig kapag natukoy ng Inhinyero ng Distrito na kinakailangan ang pampublikong pandinig para makakuha ng nauugnay na impormasyon na hindi makukuha mula sa iba pang lugar. Ipinagkakaloob ang iba pang abiso para ianunsyo ang oras at petsa ng pampublikong pandinig.

Paglahok sa pagsusuri ng interes ng publiko. Bukod sa pagsusuri sa itaas, nagsasagawa rin ang Corps ng [pagsusuri sa interes ng publiko](#) kung saan kinokonsidera nito ang malawak na mga pangangailangan at kapakanan ng mga tao. Hindi maipagkakaloob ang pahintulot kapag napag-alamang taliwas ang ipinanukalang proyekto sa interes ng publiko.

Anong mga Uri ng Impormasyon ang Dapat Kong Ibigay?

Nasa mainam kang posisyon para malaman at maunawaan ang mga isyu at alalahanin sa komunidad mo. Hayaan ang awtoridad na nagpapahintulot na malaman ang tungkol sa:

- Paano ginagamit ang mga katubigan ng komunidad:
 - Umaasa ba ang mga tao sa pangangisda para makakain?
 - Lumalangoy, nangangisda o namamangka ba ang mga tao para sa paglilibang?
 - Kinukuha ba ng mga tao ang inuming tubig mula sa katubigan o sa balon?
 - May mga gamit ba sa kultura ang katubigan?
- Iba pang posibleng lokasyon para sa ipinanukalang proyekto na maaaring may mas kaunting epekto sa mga katubigan.
- Anumang proyekto, pagpapaunlad, o potensyal na dahilan ng polusyon sa mga lugar na naaapektuhan na o makakaapekto sa tubig o sa komunidad.
- Anumang impormasyon na maaaring mayroon ka tungkol sa isda, mga ampibyong, shellfish at iba pang nilalang sa katubigan.
- Anumang iba pang alalahanin sa kalidad ng tubig.





Hustisyang Pangkalikasan sa Seksyon 404 ng Clean Water Act

Ano ang Isinasaalang-alang ng mga Nagpapahintulot na Ahensya kapag Sinusuri ang Aplikasyon para sa Seksyon 404 ng CWA?

Pangunahing tuon ng mga ahensya ang epekto ng pagtatapon sa “mga katubigan sa Estados Unidos” at sa mahahalagang gamit na inihahatid ng mga katubigang iyon. Kasama sa mga ginagawa ng mga ito ang pagsuporta sa mainam na buhay sa katubigan, tulad ng isda, crayfish, at iba pang halaman at hayop na naninirahan sa katubigan; paghahatid ng libangan (paglangoy, pamamangka); pangingisda; paghahatid ng maiinom na tubig. Ginagampanan ng ilang uri ng katubigan, tulad ng mga wetland, ang mahahalagang papel tulad ng pagkontrol sa baha at pagsasala ng polusyon.

Walang pahintulot na maipagkakaloob para sa pagtatapon ng hinukay o pantambak na materyal kung: (1) may magagamit na alternatibong mas hindi mapanira sa kapaligiran ng katubigan o (2) lubos na masisira ang mga katubigan sa bansa ([tingnan ang Mga Gabay ng 40 CFR 230 – 404\(b\)\(1\)](#)). Para makakuha ng pahintulot, dapat maipakita ng aplikante na nagawa nila, sa abot nang makakaya na:

- Gumawa ng mga hakbang para maiwasan ang mga epekto sa “mga katubigan sa Estados Unidos;”
- Bawasan ang mga epekto sa “mga katubigan sa Estados Unidos;” at
- Maghatid ng [kompensasyon](#) para sa hindi maiiwasang mga epekto sa “mga katubigan sa Estados Unidos.”



Isinasaalang-alang ng nagpapahintulot na ahensya ang lahat ng impormasyong available pero maaaring walang access sa partikular na impormasyon tungkol sa lokal na mga kapitbahayang nakapalibot sa proyekto, tulad ng: iba pang ari-arian na maaaring angkop sa proyekto at magkakaroon ng mas kakaunting epekto sa kalikasan; kung paanong makakatulong o makakasama ang ipinanukalang proyekto sa komunidad pagdating sa bawat isa sa [mga salik sa pagsusuri ng interes ng publiko](#); at mga katubigang pinakamahalagang maprotektahan o mapanumbalik ng komunidad. Aabisuhan ng lokal na kaalamang ito ang pagsusuri ng nagpapahintulot na ahensya ng mga ipinanukalang epekto at kung ano ang maaaring kailanganin para makatugon sa mga epekto ng panukala sa mga mapagkukunang tubig.

Anong mga Pederal na Ahensya ang Kasangkot sa Pagpapahintulot ng Seksyon 404 ng CWA?



US Army Corps of Engineers®

Sinusuri ng [Corps](#) ang mga aplikasyon sa pahintulot at nagkakaloob ng mga pahintulot ng seksyon 404 ng CWA kung saan ang Estado ay may [aprubadong programa sa seksyon 404 ng CWA](#) (halimbawa, Michigan at New Jersey).



Kasamang pinapangasiwaan ng [EPA](#) ang seksyon 404 ng CWA, at kasama sa mga responsibilidad nito ang pakikipagtulungan sa Corps para matiyak na nakikita sa mga aplikasyon sa pahintulot ang naaangkop na mga hakbang na ginawa para maiwasan, mabawasan at matugunan ang mga epekto sa “mga katubigan ng Estados Unidos”. Sa ilang pagkakataon, may awtoridad ang EPA na iurong, pagbawalan, tanggihan o higpitan ang pagtatahas ng anumang natukoy na lugar bilang lugar sa pagtatapon para sa mga pag-aalis ng mga hinukay o pantambak na materyal sa ilalim ng [seksyon 404\(c\) ng CWA](#). Responsibilidad din ng EPA ang [pag-apruba at pagtingin sa mga programa ng seksyon 404 ng CWA para sa Tribo at estado](#).



NOAA FISHERIES

Ang [U.S. Fish and Wildlife Service](#) at/o ang [National Marine Fisheries Service](#) ay maaring maging sangkot kapag may endangered species, kritikal na habitat o mahalagang habitat ng isda. Sa bihirang pagkakataon, maaari ding masangkot ang [Advisory Council on Historic Preservation](#).





Hustisyang Pangkalikasan sa Seksyon 404 ng Clean Water Act

Ang Seksyon 404 Lang Ba ng CWA ang Oportunidad Kong Makisangkot?

Kadalasang kinakailangan ng mga proyekto ng pagpapahintulot o pagsusuri (hal., mga pahintulot sa munisipyo, estado, o Tribo o mga pagtukoy sa hindi pagbabago-bago) mula sa mahigit sa isang ahensya ng gobyerno at maaari ding malapat sa loob ng lokal na mga regulasyon sa pagso-zone o sa mga proseso ng pagpapalano sa rehiyon.

Mga Pahintulot at Pagsusuri sa Munisipyo at Estado/Tribo. Bago makapag-isyu ang Corps ng pahintulot sa seksyon 404 ng CWA, dapat pagtibayin o i-waive ang sertipikasyon ng mga awtoridad—estado, inaawtorisahang Tribo o, sa ilang lugar, ng EPA—ang [seksyon 401 ng CWA](#) na hindi magdudulot ang pagtatapon ng anumang paglabag sa mga pamantayan ng kalidad ng katubigan at iba pang naaangkop na rekisito. Para sa mga aksyon sa zone na malapit sa baybayin, kinakailangan rin sa pagpapahintulot ng Corps ang mga pagtukoy sa hindi pagbabago-bago mula sa [mga programa sa pangangasiwa ng zone na malapit sa baybayin](#). Gayundin, konokoordina ng Corps ang ipinanukalang mga aksyon sa naangkop na dati nang tanggapan sa pagpepreserba ng estado at o Tribo. Dagdag pa, kailangang makakuha ng mga pahintulot ang maraming proyekto (hal., pagpapatayo, kalidad ng hangin) mula sa lokal na munisipalidad at estado o Tribo bago o kasabay ng mga aplikasyon para sa mga pahintulot na 404. Maaari ding maghatid ang estado, Tribo o lokalidad mo ng mga oportunidad para maging sangkot sa mga proseso ng pagpapahintulot at dapat mong hingin ang mga oportunidad na iyon.

Higit na impormasyon sa Seksyon 404 ng CWA

- [Seksyon 404 ng EPA CWA](#)
- [Mga Rehiyonal na Tanggapan ng EPA](#)
- [Mga Pagsasanay sa EPA Watershed Academy](#)
- [Programa sa Regulasyon ng Corps of Engineers](#)
- [Mga Papel ng Estado, Tribo, Lokal at Rehiyon sa Pangangalaga ng mga Wetland](#)
- [Palagay ng Estado at Tribo sa Pagpapahintulot ng CWA](#)

Mga Factsheet sa EPA Library ng Wetland, kasama ang:

- [Pangkalahatang-ideya ng mga Wetland](#)
- [Mga Gamit at Halaga ng mga Wetland](#)
- [Mga Benepisyo sa Ekonomiya ng mga Wetland](#)
- [Mga Sustainable na Komunidad](#)
- [Awtoridad ng Pangangasiwa sa Wetland](#)

Impormasyon at mga pagsasalin ng factsheet na ito ng Seksyon 404 ng CWA



Pagso-zone. Isa pang paraan para matiyak na isinaalang-alang ang pangangailangan ng komunidad ang maging pamilyar at magkomento kapag nag-a-update ang lokal na munisipalidad (hal., boro, lungsod, kanayunan o county) ng mga mapa sa pagso-zone. Kapag sinuri ng mga nagpapahintulot na awtoridad ang potensyal na mga alternatibo sa proyekto ng seksyon 404 ng CWA, maaaring isaalang-alang ang pagso-zone sa pagtukoy ng available na mga alternatibo. Halimbawa, maaaring partikular na pagbawalan o italaga ng munisipalidad, sa pamamagitan ng pagso-zone, ang pagpapatayo ng partikular na uri ng pasilidad sa partikular na lugar maliban na lang kung indibidwal na naaprubahan para sa pag-iiba-iba. Makakatulong na kunin ang lahat ng oportunidad para makisangkot sa mga lokal na munisipalidad sa pamamagitan ng telepono, nang pasulat o sa panahon ng pampublikong pagpupulong.

Higit na Impormasyon sa Hustisyang Pangkalikasan

- [Hustisyang Pangkalikasan sa EPA](#)
- [Mga Legal na Tool ng EPA para Isulong ang Hustisyang Pangkalikasan](#)
- [Mga Kaloob, Pagpopondo at Teknikal na Tulong ng Hustisyang Pangkalikasan ng EPA](#)